# KAPASIYAHAN BLG. 2021-478

**"NAGSUSUSOG SA SEKSIYON 48 NG PANLOOB NA MGA ALITUNTUNIN NG PAMAMAMARAAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang mga namumuno sa Sangguniang Bayan ng Bustos na susugan ang Seksyon 48 ng Panloob na mga Alituntunin ng Pamamaraan ng Saguuniang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, isinasaad ng Seksyon 48 na:

*"Pagdarausan ng mga Karaniwang Pulong.* — Ang karaniwang pulong ng Sangguniang Bayan ay idaraos sa itinalagang Bulwagang Pulungan ng Sangguniang Bayan. Kung kinakailangan, ang lugar ng pulong ay maaaring ganapin o ilipat sa isang angkop na lugar na kaayaaya sa talakayan: *Sa pasubali,* Na ang karamihan sa mga Miyembro ng Sangguniang Bayan, sa pulong na may sapat na bilang ng mga dumalo, ay sasang-ayon."

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pag-pupulong ay napatunayang marapat lamang na idagdag sa naturang seksyon ang pagkakaroon ng *on-line* na pagpupulong upang makaiwas sa labis na exposure lalo ngayong may umiiral na national health emergency.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na susugan ang Seksiyon 48 ng Panloob na mga Alituntunin ng Pamamamaraan ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-23 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——▪——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-23 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim